KAWASAKI CITY
川崎市

# Isyu 55 Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Tanggapan ng Mamamayan, Karapatan ng Kabataan at Pagkakapantay-pantay ng kasarian sa Lungsod ng Kawasaki
Inilathala sa Enero 29, 2016
(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## 〈Pagsali sa International Festival in Kawasaki〉

Ang mga Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki ay muling sumali sa ginanap na International Festival in Kawasaki noong Hulyo 5 (Linggo). Sa mga nakaraang taon, ang ibento na ito ay ginaganap sa napakainit na panahon, ngunit ngayong taon, sa kasamaang palad ay umulan sa araw ng ibento. Ngunit kahit na umulan, mahigit sa 10,000 katao ang nakidalo, at ito ay naging napakasayang piyesta.Ang mga miyembro ng Kinatawan ay nakisali din sa kasayahan. Kami ay nagkaroon ng turnamento ng bato-bato-pick, pati lugar para gumuhit ng bandila ng iba’t ibang bansa. Amin ding naipakilala sa mga taong dumalo ang tungkol sa mga gawain ng mga Kinatawan.








## 〈Pagsali sa Pyesta ng Mamamayan〉

Noong ika-1 ng Nobyembre (Linggo), ang mga Kinatawan ay sumali sa ika-38 Pyesta ng Mamamayan o Shimin Matsuri. Dahil ang skedyul ay may kasamang weekday, ang aming partisipasyon ngayong taon ay isang araw lamang sa loob ng tatlong araw. Ngunit kahit na isang araw lamang, dahil maganda ang panahon ng araw na iyon, at maraming tao ang nakidalo, kami ay nagkaroon ng masayang halubilo kasama ang maraming mamamayan. Sa aming tent, kami ay nagkaroon ng patikim ng popular na tsaa ng iba’t ibang bansa, larong pangingisda, pag-guhit ng bandila, at pati na stamp rally na may pagsusulit ukol sa iba’t ibang bansa. Ngayong taon, ang mga nakisali sa ... nga K ... at ka...







# ＜Pagsaganap ng Open Forum＞

Noong ika-15 ng Nobyembre, Linggo, sa Kawasaki International Center ay isinaganap ang Open Forum para sa taong 2015. Ngayong taon, sa kabuuan ay may 120 na katao ang dumalo, at ang forum ay isinagawa mula 2pm hanggang 5pm. Ang open forum na ito ay ikalawang open forum ng mga ika-10 Termino na Kinatawan. Dahil dito, nagsagawa ng workshop na may temang ukol sa nais na ipanukalang “Pag-gawa ng Lugar para sa Pagsuporta sa Dayuhan at Multikultural na Paninirahan – Gawing Layunin ang Pagkakaroon ng ‘International Lounge (Pansamantalang Ngalan)’. Sa workshop na isinagawa sa loob nang isang oras, may 6 na grupo ang nag-usap at nag-palit ng ideya at opinyon habang gumagawa ng mindmap.















Pagkatapos ng workshop, ay iprinesenta ng bawat grupo sa lahat ng dumalo ang mga napag-usapan. Napakinggan din ng mga dumalo ang bawat komento ng inimbitahan na komentator na sina Yuji Nakano, propesor ng Komazawa University, at Chiyoko Hara, direktor ng Kawasaki Fureai-kan.

Dahil sa workshop na isinagawa ngayong open forum, nagkaroon ng maraming direktang palitan ng opinyon sa mga dumalo at mga Kinatawan. Maganda din ang reaksyon ng mga dumalo sa ganitong paraan ng open forum. Ayon sa kanila, “Nakatutuwa na nakapagpalitan kami ng opinyon”, “Natuntunan ko ang iba’t ibang problema ng mga dayuhan”, “Nagawa naming makipagpalitan ng opinyon sa mga tao mula sa iba’t ibang bansa, at iba’t ibang edad, at dahil dito ay marami akong natutunan”, “Kung mayroon akong magagawa, nais kong makisali sa pagvolunteer”, at marami pang impresyon na kagaya nito.

Marami ding dayuhan at Hapon na nakisali sa isinagawang party pagkatapos ng forum. Kahit na napaka-ikling panahon lamang, kami ay nagkaroon ng makabuluhang palitan kasama ang mga nakidalong bisita. Sa mga nakidalo sa amin, maraming salamat.

## ■ Impresyon ukol sa Open Forum

Sa open forum na ito, ako ay ipinalad na maging moderator. Dahil ako ay naging moderator, ang pagsali ko ngayong taon ay ibang karanasan sa pagsali ko sa nakalipas na taon, at ito ay naging mabuting karanasan. At higit sa aking isinaganap na papel, ang open forum ngayong taon, kumpara sa nakalipas na taon, ay nagkaroon ng napakalaking pagbabago. Ngayong taon, dahil ang main program ay ginanap bilang workshop, hindi lamang galing sa mga Kinatawan ang pagsasalaysay ng karanasan at opinyon, ngunit nagawa naming makipagpalitan ng opinyon sa mga dumalo ukol sa nais na ipanukalang tema. Kumpara sa nakaraang taon, mas masaya ang open forum ngayong taon. Nagawa naming marinig ang mga karanasan, ideya at opinyon ng mga dumalo sa workshop na dayuhang residente ng Kawasaki, at pati na rin mga Hapon. Ito ay naging napakamabuluhang oras. Napakabuti rin ang mga komentong natanggap namin mula sa mga inimbitahang komentator, at ito ay magiging kapaki-pakinabang para sa ipapanukala ngayong taon.

Bilang Kinatawan ng mga dayuhan, ang aming pagtingin sa mga bagay-bagay ay mula sa posisyon ng mga banyaga, ngunit dahil sa mga opinyon na aming natanggap sa workshop, ang panukala ngayong taon ay hindi lamang magiging para sa mga dayuhan ngunit para na din sa mga Hapon. Nais ko sanang ipagpatuloy ang mga gawaing ito para sa bayan at para na rin sa lipunan.

（DITTMAR, Daniela）

## ◇ Ulat mula sa bawat Seksyon ◇

■ Seksyon ng Edukasyon para sa Welfare

Ang seksyon ng Edukasyon para sa Welfare ay naglaan ng oras upang pag-aralan at suriin ang mga inihayag na tema ng mga miyembro kagaya ng "Pagpapalaki ng bata", "Paaralan at pag-aaral", "Pag-aalaga", "Pensyon", "Paggawa ng kinaroroonan", "Katutubong wika at kultura", at "Pagpasok sa High school". Mula dito ay pumili ang mga miyembro ng tema na pinaka may interes para sa kanila.

Ang resulta nito ay ang pagrekomenda ng "Paggawa ng Multilingual na Guidebook para sa Pagpapalaki ng Bata", "Pag-gamit ng Nota ng Ina at Anak (Boshi-techo) sa iba't ibang wika", at "Pagpasok sa High school". Sa mga natitirang meeting ay nais naming pagbutihin ang laman ng mga rekomendasyon na ito.

Para sa ika-10 Termino ng mga Kinatawan ng Dayuhan, higit sa mga rekomendasyon ng bawat seksyon, irerekomenda din na buong grupo ang "Paggawa ng Lugar para sa Pagsuporta sa Dayuhan at Multikultural na Paninirahan". Itong tema na ito ay napag-usapan sa open forum na isinagawa noong Nobyembre, at nais naming isuri ang mga ideya at opinyon na natanggap sa open forum upang lalong pagbutihin ang rekomendasyon na ito.

(Beatriz Izumi Sonoda, Tagapangulo ng Seksyon ng Edukasyon para sa Welfare)

■ Seksyon ng Panlipunang Pamumuhay

Sa miting noong Oktubre ng Seksyon ng Panlipunang Pamumuhay, aming isinagawa ang pagpili ng tema para sa rekomendasyon. Kami ay pumili mula sa "Pagsuporta sa trabaho para sa mga Mangangalaga", "Pagsuporta sa Pamamahay", "Serbisyo ng Ward Office", at "Pagsagap ng Impormasyon".

Sa "Pagsuporta sa trabaho para sa mga Mangangalaga", ang madalas na opinyon ay mabuti kung mayroong suporta upang madaling magkaroon ng kasanayan sa mga mahihirap na salitang Hapon para sa pag-aalaga.

Sa "Pagsuporta sa Pamamahay", dahil sa survey na isinagawa ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan sa Kawasaki, aming nalaman na mayroong diskriminasyong nararanasan sa pagpipili ng tirahan. Dahil dito, napag-usapan na importanteng magkaroon ng tanggapan upang mas maintindihan kung gaano kalalim ang problema, pati na rin ang sanhi at reyalidad ng diskriminasyon na ito.

Ang "Serbisyo ng Ward Office" at "Pagsagap ng Impormasyon" naman ay irerekomenda kasabay ang tema ng buong grupo na "Paggawa ng Lugar para sa Pagsuporta sa Dayuhan at Multikultural na Paninirahan". Ngunit dagdag dito, para sa "Pagsagap ng Impormasyon", amin napag-isipan din na irekomenda ang "Pagpapabuti ng Seksyon ng Homepage ng Lungsod para sa Madaling Maintindihan na Wikang Hapon".

Sa huli, napagdesisyonan ang pagrekomenda ng "Pagsuporta sa Pamamahay (Diskriminasyon sa Pamamahay)" at "Pagsagap ng Impormasyon (Pagpapabuti ng Madaling Maintindihan na Wikang Hapon)". Sa natitirang mga miting, nais naming pagbutihin ang nilalaman ng mga rekomendasyon na ito.

(Jialin Ren, Tagapangulo ng Seksyon ng Panlipunang Pamumuhay)

## Iskedyul ng Pagpupulong ng mga Kinatawan sa Terminong 2015

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutos na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko Line)

Oras: mula 2pm hanggang 5pm

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml



| | |
|---|---|
| 1/17 (Linggo) | Unang araw ng ika-4 na miting |
| 2/14 (Linggo) | Ika 2 araw ng ika-4 na miting |

☆☆☆☆☆

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

<Information Corner>

# Impormasyon para sa mga naghahanap ng bagong tirahan

Sa bagong taon, dahil sa trabaho o sa pag-aaral, marami ang naghahanap ng bagong matitirahan. Sa Lungsod ng Kawasaki, may regulasyon sa pabahay upang matulungan ang mga nahihirapan maghanap ng matitirahan kagaya ng mga dayuhan, matatanda, o may kapinsanan, o kaya ay suportahan ang patuloy nilang pagtira sa kasalukuyang tinitirahan. Sa regulasyon na ito, nagpapakilala ang Kawasaki City ng kompanyang pwede maging guarantor sa mga hindi makahanap ng guarantor, o kaya nagpapadala ng interpreter tuwing may hindi pagkakaintindihan. Maaari itong gamitin ng sinoman na makakatugon sa ilang kondisyon.

Sa Kawasaki Housing Corporation, hindi lamang ito nagbibigay ng matitirahan sa mga walang matirahan dahil sa maliit na kita, ngunit nagpapakilala din ng mataas na kaledad na paupahang bahay na natutugunan ang pamantayan kagaya ng istraktura ng gusali at sukat ng lugar. Sa pabahay na ito, maaaring upahan ang tirahan na walang guarantor o reikin, at depende sa bilang ng miyembro ng pamilya at ng kita, maaari din magkaroon ng ibang pagtulong kagaya ng suporta sa upa.

Kapag nakapili na ng bagong matitirahan, maraming mga tao sa Japan ang gumagamit ng kompanya para sa paglipat ng bahay. Sa pag-gamit ng Internet, kahit na ang mga walang oras dahil sa trabaho, maaaring humingi ng estimate na halaga ng paglipat sa maraming kompanya.

- Regulasyon para sa pabahay sa Lungsod ng Kawasaki:
  http://www.city.kawasaki.jp/kurashi/category/24-4-2-6-1-0-0-0-0-0.html
- Suporta para sa Pamamahay sa Lungsod ng Kawasaki
  Wikang Hapon na may Rubi: http://www.city.kawasaki.jp/500/page/0000043481.html
  Iba't ibang wika: http://www.city.kawasaki.jp/500/page/0000017768.html
- Kawasaki Housing Corporation: http://www.kawasaki-jk.or.jp/

(Sunok Kim)

## 〈Kawasaki International Eco-Tech Fair 2016〉

Alam nyo ba ang Kawasaki International Eco-Tech Fair? Sa Eco-Tech Fair, gamit ang tema na "Mga Teknolohiya para sa Kalikasan, mula sa Kawasaki para sa Mundo", kinokolekta ang teknolohiya at kaalaman ukol sa kalikasan. Habang ipinapakilala ito sa loob at labas ng bansa, ninanais din nito ang pagkakaroon ng pagtutugma ng negosyo para sa mga teknolohiyang ipinapakilala. Ito ay nagsimula noong taon ng 2009 at isinasagawa bawat taon. Noong nakaraang taon, may 138 na organisasyon, 220 na booth, at 11,300 na katao ang dumalo. Kahit ako ay nakisali din noong nakaraang taon, at natuto ng iba't ibang bagay, at nagkaroon ng iba't ibang karanasan. Isa itong kakaibang exhibition. Kung mayroon kayong oras, halina at makilahok sa exhibition.

- Petsa at Oras: Pebrero 18, 2016 (Huwebes), Pebrero 19, 2016 (Biyernes) 10am-5pm
- Lugar: Todoroki Arena (Kawasaki-shi Nakahara-ku Todoroki 1-3)
- Bayad sa Pagpasok: Libre
- Website: http://www.kawasaki-eco-tech.jp/index.html

(Ngoc Bao Lin Nguyen)

<Para sa katanungan>
Tanggapan ng Mamamayan, Karapatan ng Kabataan at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Lungsod ng Kawasaki 1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tangapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.